comm. # 2210-38

TO: **HON. ALLAN DE LEON**
MUNICIPAL MAYOR

THRU: **SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL**

VICE MAYOR **PIA CABRAL**
COUNCILOR **J.V CABITAC**
JOAN CALDERON
LENG CALDERON
PAPOO CRUZ
TOBIT CRUZ
PATRIC ALCANTARA
BOKNAY LEONARDO
JECCA VILLANUEVA

ISANG MAPAGPALANG ARAW PO ANG AKING MAINIT NA PAGBATI, SA LAHAT NG BAGONG HALAL NA PUNONG BAYAN, BISEMAYOR AT LAHAT NG MIYEMBRO NG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL.

BILANG PAGHAHANDA SA DARATING NA TAUNANG PAGDIRIWANG NG "**UNDAS**" NA HINDI NATIN NAGAWA NITONG NAKALIPAS NA 2 TAON, SANHI NG PANDEMYA NG COVID19. NA NGAYON AY ATIN NG IPAGDIRIWANG AT GUGUNITAIN ANG MAHALAGANG ARAW NA ITO,HALOS LAHAT AY EXCITED AT DAAN AY PATUNGO SA ATING MGA SEMENTERYO PARA BISITAHIN/ DALAWIN ANG KANI-KANIYANG PUNTOD NG PUMANAW NA MAHAL SA BUHAY.

MAYROON PO AKONG HILING O SUHESYON NA GAWING 2 ARAW ANG SELEBRASYON O "UNDAS" PARTIKULAR DITO SA ATING PAMPUBLIKONG SEMENTERYO.
(HINDI KASAMA ANG MGA PRIBADONG SEMENTERYO SA BAYAN NG TAYTAY)

SA MGA KADAHILANAN SUMUSUNOD:

1. **KALUSUGAN** - HINDI PO KAILA SA ATING LAHAT NA PATULOY PA RIN ANG BANTA NG PANDEMYA O COVID19, PARA MAIWASAN ANG PAGKAHAWA O PAGKALAT NG SAKIT.
2. **KALIGTASAN O SEGURIDAD**
   - MAGIGING MAAYOS ANG DALOY NG MGA TAO SA LOOB NG PANTION/SEMENTERYO.
   - MAPAPANATILI ANG KAAYUSAN AT MABABANTAYAN ANG ATING MGA MAMAMAYAN.
   - MAIIWASAN ANG MGA BAGAY NA HINDI NATIN KONTROLADO KAGAYA NG MGA AKSIDENTE, MAGNANAKAW AT NAWAWALANG MGA BATA.
3. **MALUBHANG SAKUNA** – ITO PO AY AKING LUBHANG IKINABABAHALA NA KUNG SAKALING TUMAMA SA ARAW NG "UNDAS" O OKASYON ANG ISANG MALAKAS NA LINDOL O EARTH QUAKE(THE BIG ONE) KAGAYA NG NANGYARI SA BANSANG MEXICO AT TAIWAN
   INTENSITY 7, HINDI PO KAKAYANIN NG MGA ISTRAKTURA O YUNG MATATAAS NG PALAPAG NG APARTMENT TYPE NA NITSO SA LOOB NG ATING SEMENTERYO MAGING ANG INTENSITY 5 NA LINDOL(EARTH QUAKE).

ISIPIN PO NATIN NA KUNG SAKALI AT NASA LOOB LAHAT NG SEMENTERYO ~~AT~~ ATING MGA KABABAYAN AT MANGYARI ANG BAGAY NA ITO..."O,DIYOS HUWAG NAMAN PO SANA".
MARAMING BUHAY ANG MASASAKTAN , MADADAGANAN, MAMAMATAY.

HATIIN SA 2 ARAW ANG UNDAS.
NOVEMBER 1. : PARA LAMANG SA MGA **TAGA BRGY. DOLORES** AT **BRGY. SAN JUAN**
NOVEMBER 2. : PARA LAMANG SA MGA **TAGA BRGY. STA ANA, BRGY. SAN ISIDRO** AT **BRGY. MUZON**

MARAMI PONG SALAMAT...

ANG INYONG ABANG LINGKOD
NOEL "MANNY" GUEVARRA
FORMER OIC TAYTAY PUBLIC CEMETERY

OFFICE OF VICE MAYOR
SOPHIA "PIA" CABRAL
RECEIVED
BY: Guy Iris Duran
DATE: 10-4-22
TIME: 1:19 pm

RECEIVED
SANGGUNIANG BAYAN
SECRETARIAT
Name
10-5-2022 12:07
SANGGUNIANG BAYAN